# من مقاصد الحج

(باللغة الفلبينية)

تأليف

خا لد بن صالح السلامة

مركز المنهاج للإشراف و التدريب التربوي

ترجمه: محمد طه علي

# ANG ILAN SA MGA LAYUNIN NG HAJJ

**Ang May Akda :**

Khalid ibn Salih Al-Salamah

**Almenhaj Center**

**for Educational Supervision and Training**

**Isinalin sa Tagalog ni:**

Mohammad Taha Ali

Islamic Propagation Office in Rabwah

Sa Ngalan ng Allah, ang Mahabagin, ang Maawain

## PAMBUNGAD

Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay sa Allah lamang, na Siyang nagkaloob ng parangal sa Kanyang mga Wali (Tagapagtanggol) sa pamamagitan ng kapaki-pakinabang na kaalaman at mabuting gawa, kaya ginawa Niyang kabilang sa naging bunga ng kanilang kaalaman ay ang taimtim na pagkatakot sa Kanya at pagbalik-loob sa Kanya, nang dahil sa kaalamang ito ang ilan sa lipon nila ay itinaas Niya sa pinakamataas na antas ng tao, at ang mga puso ay napuno nito kaya labis Siyang minahal nito, at nanabik sa pakikipagtagpo sa Kanya, gayundin ang mga kasukasuan naging abala dahil dito kaya naging matatag ang pagtindig nito sa Kanyang Harapan.

Nawa'y itampok ang pagpapala at kapayapaan sa kanya na nakakilala nang labis sa kanyang Panginoon, kaya siya ay abalang-abala sa paggunita sa Kanya, sa Kanya lamang niya itinuon ang kanyang pagsamba, ang kanyang pagdarasal, ang kanyang pag-alay ng hayop, ang kanyang buhay at kamatayan, hanggang sa siya ang pinili ng kanyang Panginoon at minahal nang labis, kaya Siya ay nalugod sa kanya at maging ang mga matuwid sa Kanyang mga nilalang ay ginawa Niyang malugod sa kanya.

Panginoon namin, tunay ngang ang lahat ng kaalaman ay nasa Iyong mga Kamay, kaya pagkalooban Mo kami na siyang magpapaibayo nito ng pagmamahal sa Iyo, at sa pamamagitan nito nawa'y itaas ang aming mga antas sa Iyo, O Allah! Pag-ibayuhin ang aming mga gawa sa pamamagitan nito, at patawarin ang aming mga pagkakasala, at bigyan ng liwanag ang aming mga dibdib, at gawin itong wagas para sa marangal Mong Mukha, O Allah! Kami ay nananalangin sa Iyo ng gabay at katumpakan batay sa Iyong naiibigan at kinalulugdan sa aming mga layunin, salita at gawa.

**Kapatid kong Muslim .. Kapatid kong nagsasagawa ng Hajj:**

Kay gandang itampok lamang ang dambana ng pagsuko sa Panginoon ng lahat ng nilalang, sapagka't ito ang siyang simbulo ng mga sumasampalataya, kaya kapag naidagdag sa isang alipin ang dambana ng agham sa dambana ng pagsuko, nadadagdagan ang pagpapalapit sa Panginoon ng mga nilalang, O Allah! Aming Panginoon, dagdagan Mo kami ng ganap na pagsuko, kaalaman at mabuting gawa, tanggapin nawa ito sa amin sa pamamagitan ng Iyong Habag, O Lubos na Mapagmahal! Katotohanang Ikaw ang Tigib ng Pagpapala at Ganap na Mabait.

**Kapatid kong nagsasagawa ng Hajj:** Napakaganda na iyong isinasagawa ang mga ritwal na gawain ng Hajj kahit hindi mo batid kung bakit mo isinasagawa ito, sapat na sa iyong kaalaman na ito ay isang pagsamba sa Allah, ito ang kahilingan ng sukdulang pagsuko sa Panginoon ng lahat ng nilalang at ganap na pagpapakaalipin sa Kanya.

Ang pinakamaganda rito habang ikaw ay nagsusumamo sa Allah para dagdagan ng kaalaman, at sa iyo ay tutugunan at bubuksan, iyong mababatid ang dakilang kadahilan sa ilang mga gawain ng Hajj.

Sinabi ng Allah: {At sila na nagpupunyagi alang-alang sa Amin, katiyakang sila ay gagabayan Namin tungo sa Aming mga Landas; at katotohanang ang Allah ay kasama ng mga Muhsinun (masigasig gumawa ng kabutihan)} Al-Ankabut: (29:69).

Napakagandang malaman natin kung bakit ang Makkah ay nasa isang lambak na walang mga pananim at hindi naging isang lambak na may mga pananim, mga gubat at ilog nang sa gayon ay magtamasa naman ang nagsasagawa ng Hajj o ng Umrah sa pinakamamahal na kalupaan sa Allah.

At bakit napabilang sa mga katangian ng Propeta (s.a.w.) na hindi man lang dumatal ang kanyang mga paa at katawan sa

kalupaan ng Arafah sa Hajj na tinaguriang Pamamaalam (Hajjatul Wida`)?

At bakit nakipaghahalubilo ang mga kalalakihan sa mga kababaihan sa may Kaabah na iniikutan na siyang nagdudulot ng matinding pagsisiksikan, at sa mga Jamarat sa may maliit na poste sa di pangkaraniwang tumpak na pagsasabatas sa lahat ng uri ng mga gawaing pagsamba, samantalang ang Allah ay may kakayahang magbigay sa kanila ng pagpapalawak?

At bakit kung kailan tayo lumisan mula sa Arafah ay kailangan nating magpagabi sa Muzdalifah, samantalang napakalapit na sa atin ang Mina, na kung saan ang mga sasakyan natin at mga bagahe ay nandodoon?

At gayundin sa iba pang dakilang mga kadahilanan sa mga gawain ng Hajj at Umrah.

Tayo'y walang pag-aalinlangan na ang lahat ng mga gawain ng Hajj ay may dakilang mga kadahilanan at tumpak na layunin, na batid ng nakakabatid nito at nakaligtaan ng nakakaligta nito.

Ito ang nais kong subukin na gumana rito ang mga pag-iisip at makuha ang pansin ng mga tao sa maigsing pahina na ito nang may paghahangad ng tulong mula sa Allah, nawa'y itampok sa

atin ng ating Panginoon ang Kanyang kapatawaran at habag, at ipatnubay sa atin ang matuwid na landas.

Kalakip na suriin, sa mga pahinang ito hindi ko tinutukoy dito ang mga alituntuning pambatas, sapagka't ang bagay na ito ay may natatanging lugar na isinulat ng mga pantas sa mga aklat ng alituntunin, datapuwa't ako'y magkonsentrasyon sa ilang mga dakilang layunin na siyang nakaligtaan ng nakararami sa mga nagsasagawa ng Hajj, bagkus gayundin sa karamihan ng mga nagsusulat ng tungkol sa Hajj, bilang pagsunod sa sinabi ng Propeta (s.a.w.): ((Maraming marunong sa batas na nahihigtan ng iba sa pagkadalubhasa nito)) Isinalaysay ni Abu Daud, bilang (3660) at iwinasto ni Al-albani.

Na naghahangad ng opinyon ng iba na mas higit na may kakayahan sa paglalahad ng mga layuning ito sa paraang mas malaki, malinaw at malawak, kaya anumang tama ang mayroon dito, ito ay mula sa Allah lamang, at anumang mali ang mayroon dito, ito ay mula sa aking sarili at kay Satanas.

# ANG KAGANAPAN NG HAJJ (PILGRIMAHE)

Ang Allah ay nagsabi: {At gawin ninyong ganap ang Hajj at ang Umrah para sa Allah}. Al-Baqarah (02:196)

**Ang pagiging ganap nito ay may tatlong bahagi:**

Una: Ang kaganapan ng Hajj sa panahon.

Pangalawa: Ang kaganapan nito sa lugar.

Pangatlo: Ang kaganapan nito sa pamamaraan.

Para sa kaliwanagan nito, ang masasabi natin:

**Una: Ang kaganapan ng Hajj sa Panahon:**

Ito ay ang pagsasagawa ng Hajj sa oras na itinakda ng Allah para dito, kaya hindi dapat ito napapaaga at hindi rin dapat ito napapahuli.

Samakatuwid, ang lahat ng Ibadah (ritwal na gawain) sa Hajj ay may takdang oras na itinakda, sapagka't ang pagtatakdang ito ay may mga layunin na hindi mabibigyan ito ng katuparan maliban kung isaalang-alang ito, kaya sinuman ang di nagpahalaga nito sa panahon na siyang itinakda rito ng Allah, magkagayun siya ay nagkulang sa pagbigay ng kaganapan sa mga layuning ito.

Ang Allah ay nagsabi: {Ang (panahon ng) Hajj ay kilalang mga buwan}. Al-Baqarah (02:197)

At sinabi pa Niya: {At inyong alalahanin ang Allah sa panahon ng mga natatakdaang araw (sa buwan ng Dhul Hijjah)}. Al-Baqarah (02:203)

Kaya ang masasabi natin, halimbawa: Sa kanya na nagmadali at hindi nagpagabi sa Muzdalifah, o di kaya ay lumisan mula rito bago sumapit ang hating-gabi, at sa kanya na humagis sa Jamarat bago ang katanghalian ng tapat sa ikalabing dalawang araw, ang lahat ng ito sa katotohanan ay humahantong sa pagsalungat sa mga layunin ng Hajj o nakakapagbawas nito.

**Pangalawa: Ang kaganapan ng Hajj sa lugar:**

Ito ay ang pagsasagawa sa mga Ibadah (ritwal na gawain) na isinabatas ng Allah sa Hajj sa mga nakatakdang lugar nito na siyang nais Niya.

Samakatuwid, lahat ng lugar ay may mga layunin na hindi mabibigyan ng katuparan maliban kung isaalang-alang ito, kaya sinuman ang hindi nagpahalaga sa isang lugar na pinaglaanan para sa Ibadah, siya ay nagkulang sa pagbigay ng kaganapan sa mga layunin ng Ibadah na ito.

Halimbawa: Nais ng Allah na tayo ay tumigil sa Arafah, datapuwa't ito ay may mga hangganan, kaya hindi tayo dapat lumalagpas sa mga hangganan na ito, nais din ng Allah na tayo ay magpagabi sa Muzdalifah ng buong magdamag o ng higit sa kalahati ng gabi, kaya hindi tayo dapat lumabas sa gabi ng Muzdalifah sa mga hangganan nito, at nais din ng Allah na tayo ay magpagabi sa Mina sa mga natatanging gabi nito, kaya hindi tayo dapat lumalagpas sa Mina (sa mga hangganan nito) maliban na lamang kung tayo ay napipilitan – tulad ng nangyayari sa ngayon dahil sa tindi ng siksikan – ito ang kaganapan ng Hajj sa lugar.

Sa katotohanan, naging masikip na ang ilang mga Ibadah (ritwal na gawain) sa panahon at lugar kung ihahambing sa bilang ng mga nagsasagawa ng Hajj tulad ng paghagis ng bato sa mga Jamarat, sa pag-ikot sa palibot ng Kaabah at sa paghalik sa (banal na) Bato, nguni't hindi pa rin pinahaba ang panahon nito na umabot ng ilang buwan o linggo upang mabawasan ang siksikan, at hindi rin ginawang pinalaki ang mga lugar nito o pinarami upang tumugma sa bilang ng mga nagsasagawa ng Hajj sa paglipas ng mga taon, at hindi rin ginawang para lamang sa mga kalalakihan ang pagsasagawa nito na wala ang mga kababaihan para kumaunti ang bilang, at hindi rin ito ginawa na kusa, bagkus kanais-nais ang pagpapatupad nito sa lahat ng

mga nagsasagawa ng Hajj lalaki man o babae sa masikip na lugar at sa natatakdaang panahon, sapagka't ang Allah ang Higit na Nakaaalam, ang Napakatalino, hindi lingid sa Kanya kung ano ang maging resulta ng mga alituntunin na ito dulot ng ganitong matinding pagsisiksikan at paghahalu-bilo, datapuwa't ang lahat ng ito ay para sa isang dakilang kadahilanan na siyang hangad ng Ubod ng Talino, ang Ganap na Nakababatid.

**Pangatlo: Ang kaganapan ng Hajj sa pamamaraan:**

Ito ay sa pamamagitan ng ating pagpapahalaga sa tatlong uri ng mga alituntunin:

1- Ang mga layunin ng Hajj.

2- Ang mga alituntunin nitong pambatas.

3- Ang isinasaalang-alang na mga kapakanan.

Para sa karagdagang pagbigay-linaw tungkol dito, ang masasabi natin:

**Ang Unang Uri: "Ang mga Layunin ng Hajj"** sa susunod na natin ipaliwanag ang detalye nito insha Allah.

**Ang Pangalawang Uri:** Ito ay **"Ang mga Alituntuning Pambatas"**: Tulad halimbawa ng; pagiging Ubligado nito, Kaaya-

aya, Ipinahihintulot, Kasuklam-suklam at Ipinagbabawal, ang mga alituntuning ito ay sadyang naging masusi ang pagtalakay at pagpapaliwanag ng mga pantas tungkol dito, at madalas ang pagtatanong ng mga tao tungkol dito na kung saan ay sapat nang mabanggit ito dito.

**Ang Pangatlong Uri: "Ang Isinasaalang-alang na mga Kapakanan"** na magsisilbing tulong para sa kaganapan ng Hajj tulad halimbawa ng regulasyon ng trapiko, kalinisan, paninirahan, mga kahilingan ng pagsasama at iba pa rito.

Maaring ang mga tao ay magkulang sa pangangalaga nito, kung kaya't ito'y magsisilbing dahilan sa pagkakaroon ng mga problema na siyang maghahatid tungo sa di-pagsapit ng mga tao sa mga sagradong lugar sa tamang mga oras nito, o pagkaraan ng matinding pagkapagod na maaring magdulot ng kasiraan sa mga ginagawa nilang pagsamba.

Samantalang kung magtulong-tulong ang mga tao sa pangangalaga sa isinasa-alang-alang na kapakanan na ito, katiyakang makakamit nila at mabibigyan nila ng katuparan ang Ibadah sa pamamagitan ng madali at magaan.

**Kaya ang tanong dito: Paano natin mabigyan ng kaganapan ang tatlong uri na ito ayon sa pag-uutos ng Allah.**

Ayon sa sinabi Niyang: {At isagawa ninyong ganap ang Hajj at ang Umrah para sa Allah} Al-Baqarah (02:196)

Ang sagot ay ganito ang masasabi natin:

**<u>Una</u>:** Marapat lamang na maging masigasig tayo sa pag-aaral ng tatlong uri na ito at unawain natin ang mga katotohanan nito, sapagka't ipinangako sa atin ng Allah na kapag tayo ay nagsumikap ng labis ay papatnubayan tayo sa lahat ng Kanyang maiibigan at kagigiliwan, batay sa sinabi ng Allah:

{At sila na nagpupunyagi alang-alang sa Amin, katiyakang sila ay gagabayan Namin tungo sa Aming mga Landas; at katotohanang ang Allah ay kasama ng mga Muhsinun (masigasig gumawa ng kabutihan)} Al-Ankabut (29:69)

Kabilang sa naturang pagpupunyagi ay ang panalangin sa Allah na pagkalooban Niya tao ng pang-unawa sa mga layuning ito at bigyan ng katuparan ang mga ito ayon sa paraang ikalulugod Niya sa atin:

{At iyong sabihin: "Aking Panginoon! Dagdagan Mo ako ng kaalaman!)} Taha (20:114)

Gayundin ang paulit-ulit at matagal na pagsusuri sa mga teksto ng dalawang rebelasyon – ang Qur'an at Sunnah – na nagpapaliwanag dito.

At gayundin ang pagtatanong sa mga eskolar tungkol dito, pagbabasa ng mga aklat na pang-agham at ang pagdalo sa mga konsehong pang-agham na nagpapaliwanag dito.

**Pangalawa:** Tahakin natin ang pagbigay katuparan nito ayon sa pinakaganap na pamamaraan batay sa sinabi ng Allah:

{At sundin ninyo ang pinakamainam sa mga ibinaba sa inyo mula sa inyong Panginoon (ang Qur'an)} Az-Zumar (39:55).

Ito ay isang pag-uutos para sa lahat ng Ibadah, kaya huwag tayong magmadali dito ng sang-ayon sa sarili sa pagpapabaya at pagmamalabis at sa paghahangad ng kaginhawaan o dahil sa katamaran, sapagka't ang mundo ay isang tahanan para sa pagtrabaho at daanan lamang, samantalang ang Paraiso ay isang tahanan para sa paggawad ng gantimpala at pananahanan.

Ito ay hindi maisakatuparan maliban sa pamamagitan ng patnubay ng Allah, kaya hilingin natin sa Allah na gabayan tayo

rito ayon sa kung ano ang Kanyang naiibigan dito at kinagigiliwan.

**<u>Pangatlo</u>:** Dapat ay malungkot tayo sa mga hindi natin nakayanang ipatupad sa pinakaganap na pamamaraan dahil sa pang-islamikong kadahilanan tulad ng pagkamangmang, pagkalimot at iba pa, kaya marapat lamang na dalasan natin ang paghingi ng kapatawaran at manalangin sa Allah sa pagtanggap nito, nang sa gayon ay punuan Niya ang mga pagkukulang sa pagiging ganap nito sa Kanyang Kagandahang-loob, Kabaitan at Kabutihan, kaya pagkatapos ng Hajj, tayo ay uuwi na nasa pagitan ng pag-aasam na sana'y matanggap ang ating gawa at maging ganap ito, at ng pagkatakot na baka di-tanggapin ito o di-ganap.

Dito ay balikan natin ang pagpapaliwanag sa unang uri para sa kaganapan ng Hajj ayon sa wastong pamamaraan nito, at ito ay ang pag-unawa sa mga layunin ng Hajj at pagbigay ng katuparan nito, kaya ang masasabi natin:

**Ang mga layunin ng Hajj ay ito:** Ang malalaking kapakinabangan at ang dakilang kadahilanan kung bakit isinabatas ang mga gawain ng Hajj alang-alang dito.

**Ang pinakadakilang layunin sa Hajj:** ((Ito ay ang katuparan sa pagiging ganap na alipin sa Allah)), at ito ay sa pamamagitan ng pagpapatupad sa Kanyang pag-uutos batay sa Kanyang sinabi:

{At tungkulin ng sangkatauhan para sa Allah ang (pagsasagawa ng) Hajj (Pilgrimahe) sa Tahanan (Ka`bah) sa sinumang may kakayahang gumugol papunta rito} Al-Imran (03:97)

Ang layunin na ito ay dapat na maunawaan ng bawa't nagsasagawa ng Hajj, at walang sinumang tatanggapin ang pangangatuwiran ng dahil sa kanyang kamangmangan.

Ang pinakadakilang layunin na ito (ang katuparan ng pagka-alipin sa Allah) ay hindi magiging ganap maliban sa pamamagitan ng katuparan sa mga dakilang layunin na magbubuo nito, tulad ng pagmamahal sa Allah, pagdakila sa Kanya, paghahangad sa Kanya, pagkatakot sa Kanya, pagtitiwala sa Kanya at pagbabalik-loob sa Kanya, ito ang ilan sa mga layunin na siyang dahilan kung bakit isinabatas ang mga ritwal na gawain sa Hajj, at ipinag-utos sa mga tao ang pag-aaral dito, pag-unawa rito, at ang pagsisikap sa pag-intindi rito at pagsakatuparan nito, datapuwa't sila ay hindi pantay-patay dito.

Hindi naman kailangan sa nagsasagawa ng Hajj na masaklawan ang detalye ng mga layunin na ito, datapuwa't ayon sa sukat ng

katuparan nito nakabatay ang kanyang gantimpala at katayuan sa Allah.

At dahil dito magkakaiba ang mga katayuan ng mga nagsasagawa ng Hajj sa gantimpala ayon sa kanilang pagkaunawa rito. Batay sa sinabi ng Allah:

{Sabihin mo [O Muhammad]: "Magkatulad kaya silang mga nakakaalam at silang mga hindi nakakaalam?" Katotohanan, ang tumatanggap lamang ng pangaral ay ang mga (taong) may pang-unawa} Az-Zumar (39:09)

Ang nais natin dito ay magbaybay sa pamamagitan ng maingat na paglalakbay na umiikot sa mga layunin ng Hajj, magmuni-muni tayo at mag-isip baka sakaling sa pamamagitan nito ay pag-ibayuhin sa atin ng Allah ang ating pananampalataya, pagsuko at paggawa ng kabutihan, gayundin naman na hinihiling natin sa Kanya ang katapatan, gabay at pagkatuwid ayon sa Kanyang naiibigan at kinalulugdan. {At sabihin mo [O Muhammad]: "Aking Panginoon! Dagdagan Mo ako ng kaalaman!"} Taha (20:114)

Sa katunayan dumaan na sa atin, na ang pinakadakilang layunin sa Hajj ay ang katuparan ng pagiging ganap na alipin sa Allah, at na ang layuning ito ay naglalaman ng mga malalaking bahagi, na

ang bawa't isa rito ay siyang layunin mula sa mga layunin ng Hajj, kaya't ano ang mga layuning ito?

Bagkus, mayroong isang napakahalagang tanong! Paano maisakatuparan ng mga Gawain sa Hajj ang mga layuning ito?

Ito ang susubukan nating ipaliwanag dito ng may paghahangad sa tulong ng Allah.

## ANG UNANG LAYUNIN: ANG KATUPARAN NG PAGMAMAHAL SA ALLAH

Sinabi ng Allah: {Sabihin mo [O Muhammad]: Kung ang inyong mga ama, ang inyong mga anak, ang inyong mga kapatid, ang inyong mga asawa, ang inyong mga kamag-anak; ang mga kayamanan na inyong kinita, ang mga kalakal na inyong kinatatakutan ang pagkalugi; at ang mga tahanan na labis ninyong kinagigiliwan ay higit na mahalaga sa inyo kaysa sa Allah at sa Kanyang Sugo, at sa pakikipaglaban sa Kanyang Landas; kung gayon, kayo ay maghintay hanggang sa iparating ng Allah ang Kanyang Kapasyahan (pagpaparusa). At ang Allah ay hindi namamatnubay sa mga taong palasuway}. At-Tawbah (09:24)

**Kapatid kong nagsasagawa ng Hajj:**

Iyong suriin na hindi mo kayang magsagawa ng Hajj hangga't hindi mo tinatalikuran ang lahat ng iyong pinakamamahal sa buhay, samakatuwid hindi mo makakamit ang Hajj hangga't hindi mo tinatalikuran ang iyong bayan na iyong pinakamamahal at sinasandigan, ang iyong mapagmahal na asawa, ang iyong mga anak na tila mga bulaklak, ang iyong tahanan na tinitirahan, ang lalawigan na iyong kinabuhayan, ang iyong trabaho, ang iyong bukirin, ang iyong sasakyan, at ang tribo na iyong kinabibilangan.

Ang lahat ng ito ay iyong pinakamamahal na kailangan mong iwanan at talikuran, samantalang hindi mo batid kung ikaw pa ba ay makakabalik pa rito o hindi na, at sa oras na iyong iiwan ang mga pinakamamahal na ito, ikaw ay hindi patutungo sa isang lambak na mayabong ang pananim, o sa mga luntian na mga gubat, masagana na hangin at sa maluwang na lugar, bagkus ikaw ay patutungo sa isang lambak na walang mga pananim, napaka-init at napakaraming pagsisiksikan.

Kaya kapag ikaw ay dumating na roon at may kasamang pinakamamahal, ang dapat mong gawin ay iyong iwanan ito alang-alang sa katuparan at katapatan ng napakadakilang pagmamahal sa Allah lamang.

At kung kasama mo ang iyong mapagmahal na asawa, mga mamahaling damit at mababangong halimuyak, magkagayon ang mga pinakamamamahal na ito ay ipinagbabawal sa iyo sa sandaling ikaw ay pumasok na sa kalagayan ng Ihram.

Bagkus, sa Makkah ay may iba pang dakilang mga pinakamamamahal, tulad ng *Al-Masjidul Haram*, *Al-Ka'bah Al-Musharrafah*, *Al-Hajarul Aswad*, *Maqamu Ibrahim*, *Biar Zamzam*, ang buong kalupaan mismo ng *Al-Haram*, ang lahat ng ito ay pinakamamamahal.

Maaaring ang isa sa mga layunin dito – ang Allah ang higit na Nakaaalam – ay ang pagsubok at pagsusulit sa isang alipin, kaya kung ang Allah ang higit niyang pinakamamamahal kaysa sa lahat ng minamahal niyang ito, magkagayon humayo siya mula rito at sa buong kalupaan ng Al-Haram (sagradong lugar) bilang pagsuko sa kautusan ng Allah at sa Kanyang kahatulan, at ito ay nasa pinakadakilang mga araw ng Hajj doon sa Arafah (isang lugar na nasa labas ng mga hangganan ng Al-Haram) na kung saan ay mawawala sa kalupaan nito ang lahat ng minamahal at wala nang matitirang pinakamamamahal maliban sa Allah lamang, bilang patunay na ang Allah ang Siyang pinakamamamahal niya kaysa sa lahat ng mga ito, at ito ay kabilang sa kawagasan at katapatan ng pagmamahal sa Allah sa salita at gawa.

**Tanong: Napatunayan ba sa mga mapapanaligang pinagkukunan na ang mararangal na paa ng Propeta (s.a.w.) o ang dalisay niyang katawan ay dumatal sa kalupaan ng Arafah?**

Sa katotohanan, sinaliksik ko nang puspusan sa napakaraming mga mapapanaligang pinagkukunan na sumasaklaw sa pamamaraan ng pagsasagawa ng Propeta (s.a.w.) ng Hajj, at wala akong natagpuan na anumang patunay o pahiwatig na tumutukoy na ang kanyang marangal na katawan (Sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan) ay dumatal sa kalupaan ng Arafah, bagkus ang mga patunay ay tumutukoy lamang sa kawalan ng pagdatal ng kanyang katawan, ang kalupaan ng Arafah ay nakatukoy lamang sa kanyang personalidad mismo, at na ito'y isang pagsambang pambatas na partikular lamang sa kanya bukod sa kanyang mga tagasunod, at ang ilan sa mga patunay na ito; Ipinag-utos ng Allah sa Kanyang Sugo (s.a.w.) habang siya ay naglalakbay patungo sa Arafah ang ilan sa mga pag-uutos na karapat-dapat punahin at suriin.

Katotohanang ipinag-utos ng Allah sa Kanyang Sugo (s.a.w.) na tumigil muna siya bago makarating sa hangganan ng Arafah ng ilang metro, at ito ay nasa lambak ng Uranah, kaya't siya ay kumain, uminom, nagpahinga at nagsagawa ng Wudu sa labas

ng Arafah, at pagkatapos ng paglihis ng araw sa katanghalian ng tapat ipinag-utos ng Sugo (s.a.w.) sa kanyang mga kasamahan (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) na pumasok sila sa hangganan ng Arafah ng isang metro o dalawang metro, habang siya ay tumigil sa labas ng hangganan nito ng isang metro o dalawang metro, at siya ay nagtalumpati at pinangunanan sila sa pagdarasal habang siya ay nasa labas ng hangganan ng Arafah, samantalang sila ay nasa loob nito, at nang siya ay matapos sa kanyang talumpati at pagdarasal, siya ay sumakay sa kanyang kamelyo habang siya ay nasa labas pa rin ng Arafah at pagkatapos ay pumasok siya rito habang siya ay nakasakay ng hindi bumaba sa kanyang kamelyo hanggang sa lumubog ang araw, ayon sa tuwirang pagpapahayag ng maraming teksto tungkol dito, at pagkatapos ay lumabas siya mula sa Arafah nang di man lang dumatal ang kanyang mararangal na paa sa kalupaan ng Arafah sa isinagawa niyang Hajj na pamamaalam, at ito ay isang kautusan mula sa Allah na natatangi lamang sa kanya (s.a.w.), at ang Allah ang Higit na Nakaaalam.

**Tanong: Bakit hindi dumatal ang mga mararangal na paa ng Sugo (s.a.w.) sa kalupaan ng Arafah sa Hajj na pamamaalam?**

Walang pag-aalinlangan na Sugo ng Allah (s.a.w.) ay kilalang mahal na mahal ng bawa't nananampalataya, kaya't maging ang kanyang naiwanang mga yapak at alaala ay pinakamamahal, bagkus ito ang siyang pinaghahanap ng maraming tao, datapuwa't sadyang ninais ng Allah na walang matagpuan sa Arafah na isa man lang alaala ng isang minamahal bukod sa Kanya, maging ang mga yapak o alaala ng Sugo ng Allah (s.a.w.).

At marahil nga ang dakilang kadahilanan kung gayon – ang Allah ang Higit na Nakaaalam – Na kung nagkaroon ang Sugo ng Allah (s.a.w.) ng anumang yapak o alaala sa Arafah, maaring maging abala ang ibang tao sa pag-uugnay dito sa halip na sa pagmamahal sa Allah sa dakilang araw na ito, at lilihis ang mga puso sa pagmamahal sa isang alipin na sa halip ay para lamang sa pagmamahal sa Allah.

At bakit nga hindi!! Samantalang alam natin na ang pinakamaraming dahilan ng pagkaligaw ng mga tao ay ang pagmamalabis sa pagmamahal sa mga mabuting sinaunang ninuno at sa kanilang mga alaala.

Hindi ba ang pinakaunang pinangyarihan ng Shirk (pagtatambal sa Allah) ay sa panahon ni Noah (Sumakanya nawa ang kapayapaan) dahilan sa kanilang pagmamalabis sa pagmamahal sa mga mabuting sinaunang ninuno at sa kanilang mga alaala?!!

Hindi nga ba naligaw ng landas ang mga Kristiyano dahilan sa kanilang pagmamalabis sa pagmamahal kay Hesus (Sumakanya nawa ang kapayapaan)?

At yaong mga Rafidah, hindi nga ba sila'y naligaw ng landas dahilan sa kanilang pagmamalabis sa pagmamahal kay Ali at Al-Husain (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah)?

At gayundin ang ilan sa lipon ng mga Sufiey, hindi nga ba sila'y naligaw ng landas dahilan sa kanilang pagmamalabis sa pagmamahal kay Al-Jilanie at sa iba pa maliban sa kanya?!!

Minahal nila ang mga ito kapantay ng pagmamahal nila sa Allah, kaya't sila'y napuksa dahil dito.

Ganito ang nararapat sa mga nagsasagawa ng Hajj na pumupunta sa Arafah, hindi dapat sila nagdadala ng anumang alaala ng kanilang minamahal na pagkakaabalahan ng kanilang mga puso maliban sa Allah lamang.

At maaring ang isang tao ay idadaan sa pagsubok sa pagmamahal niya sa kanyang Panginoon, na kung saan ang isa niyang pinakamamamahal ay ihaharap sa kanya sa mga sandaling labis ang pangangailangan niya rito, subali't siya ay pipigilan ng Allah dito at pagbabawalan bilang pagsubok at pagsusulit, – kung alin ba ang mas matimbang para sa kanya, ang Allah ba kaya o ang minamahal niyang ito? Kaya't pagmasdan ang mga Sahabah (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah), habang sila ay pumapasok sa kalagayan ng Hajj sa panahon ng tag-gutom at paghihikahos, kapag sila ay pumasok na sa kalagayan ng Hajj, ang kinahuhumalingan nilang pinapangaso ay uutusan ng Allah na lalapit ito sa kanila sa hindi nito kaugalian, na halos ito ay maaabot na ng kanilang mga kamay at mga sibat bilang isang pagsubok at pagsusulit, batay sa sinabi ng Allah:

{O kayong nagsisampalataya! Katiyakang ang Allah ay magbibigay sa inyo ng pagsubok sa pamamagitan ng isang bagay sa larangan ng pangangaso na halos maaabot ng inyong mga kamay at mga sibat (habang kayo ay nagsasagawa ng Hajj o Umrah), upang mapag-alaman ng Allah kung sino (sa inyo) ang tunay na nangangamba sa Kanya sa kabila ng Kanyang pagkalingid. Kaya't sinuman ang lumabag dito makaraan (ang pagpapahayag na) ito, sasakanya ang isang masakit na kaparusahan}. Al-Maidah (05:94)

Katotohanang napakadakila ang pagsakatuparan ng mga Sahabah (Sumakanila nawa ang kaluguran ng Allah) sa Kaisahan ng Pagmamahal na kung saan ay kanilang tinatalikuran ang pangangasong ito alang-alang sa pagsamba sa Allah kahit pa man ang kanilang pangangailangan dito ay napakatindi, nang walang pagsubaybay at panunuligsa ng sinuman maliban sa Allah.

Bagkus, ang pagsubok sa pagmamahal ay lalong tumitindi sa sandaling isinasagawa ang Tawaf (pag-ikot sa Kaabah), sa pagbato sa mga Jamarat, sapagka't matapos na iwanan ng nagsasagawa ng Hajj ang kanyang mga minamahal na dati-rati ay ipinahihintulot sa kanya tulad ng asawa, pabango at pangangaso ay darating naman ang panibagong pagsubok sa mga minamahal na dati nang ipinagbabawal, at ito ay ang pagsubok sa mga kalakihan sa pamamagitan ng mga kababaihan, at sa mga kababaihan sa pamamagitan ng mga kalalakihan na hindi nila Mahram.

At kahit pa mang maaring gawin na ang ibang Jamarat ay para sa mga kababaihan at ang iba naman ay para sa mga kalalakihan, o di kaya'y maaring gawin na ang Tawaf at ang pagbato sa mga Jamarat ay sa isang araw para sa mga kalalakihan, at sa ibang araw naman ang para sa mga

kababaihan, o di kaya'y palampasin na lamang sa mga kababaihan ang pag-ikot sa Kaabah (Tawaf) at ang pagbato sa Jamarat dahilan sa pagsisiksikan ng mga kalalakihan, o di kaya ang pagbato ay isagawa sa isang malaking bundok sa halip na sa isang maliit na poste upang hindi magkaroon ng matinding pagsisiksikan sa pagitan ng mga tao. Datapuwa't ang batas ng Islam – ang Allah ang higit na Nakaaalam – ay nagparating ng mga alituntunin sa pag-ikot sa Kaabah (Tawaf) at sa pagbato sa Jamarat sa nakatakda nitong anyo, at maaaring ang pagsisiksikan na ito ay humantong sa lalo pang pagkakalapit ng mga kababaihan at mga kalalakihan sa masikip na lugar, upang maging ganap ang pagsusulit at pagsubok.. na kung saan ang Allah ba ang higit ninyong mamahalin o ang mga kababaihan?.

Kaya makikita mo ang tunay na nananampalataya na abalang-abala ang puso sa pagmamahal sa Allah sa kabila ng matinding sisiksikan, bagkus hindi pinapansin ang maraming tao, siya ay nagpapakadiyos, nag-iingat at nagpapakabanal sa abot kaya niya, ito'y hindi dahil sa isang bagay kundi dahil sa pagmamahal niya sa Allah ng higit sa iba bukod sa Kanya, lalung-lalo na kapag naalala niya na si Propeta Ibrahim (Sumakanya nawa ang kapayapaan) ay di mababansagan ng pagiging matalik na kaibigan ng Allah malibang pagkatapos niyang dumaan sa pagsubok sa lugar na kung saan naroroon ang mga Jamarat sa

pamamagitan ng kanyang anak na si Ismail (Sumakanya nawa ang kapayapaan), siya ay dinaan sa pagsubok noong una sa pamamagitan ng pagkabaog sa matagal na panahon, at pagkatapos ay dinaan naman siya sa pagsubok pagkaraang mabiyayaan siya ng anak na lalaki na kailangan niyang iwanan ito at ang kanyang ina sa isang lambak na walang anumang halaman at magtungo siya sa Sham, at pagkatapos nito'y lalo pang tumindi ang pagsubok sa kanya, sapagka't siya ay pinag-utusan na bumalik sa kanila, at nang siya'y labis nang masaya sa pakikipagtagpo sa nag-iisa niyang anak ay muli na naman siyang pinag-utusan na kailangan niyang katayin ito, kaya't siya ay nagtungo sa lugar na kung naroroon ang mga Jamarat upang ipatupad ang kautusan, at doon ay dumating sa kanya si Satanas nang tatlong beses para udyukan siyang itigil nito ang pagpapatupad sa kautusan ng kanyang Panginoon, nguni't wala siyang napala kay Ibrahim kundi ang isang tiyak na kasagutan, ang pagbabato sa kanya at paulit-ulit na pagsambit na ang Allah ang Pinakadakila sa lahat ng minamahal…ALLAAHU AKBAR..ALLAAHU AKBAR..ALLAAHU AKBAR.

**TANONG: Bakit ang Makkah ay nasa isang lambak na walang mga halaman?**

Kung ang pagsasagawa ng Hajj ay nasa isang lambak na may mga halamanan, damuhan at ilog, sa gayo'y maaaring mahaluan ang layunin ng ilan sa mga nagsasagawa ng Hajj (ang Allah ang higit na Nakaaalam), na ang kanilang layunin ba sa Hajj ay dahil sa kawagasan ng pagsamba? O dahil lamang sa mga ilog, damuhan at kagandahan ng kalikasan?

Bagkus, may iba pang dakilang kadahilanan (ang Allah ang higit na Nakaaalam), na kung ang dalawang katangian na babanggitin sa ibaba ay natipon sa Kagalang-galang na Makkah:

**UNA:** Ang pagkahumaling ng mga puso rito.

**PANGALAWA:** Na kung ito'y may mga damuhan at ilog.. maaaring ito'y dumugin ng mga tao at dagsain, bagkus hindi nila bibigyan ng pagkakataon ang ibang tao bukod sa kanila.

Subali't, dahil sa habag ng Allah, bagama't ito'y kinahuhumalingan ng mga puso, pagkatapos niyang makarating dito at makita itong isang lambak na walang mga halaman at di nawawalan ng pasakit at pahirap, siya'y magmamadaling tapusin at ipatupad ang mga ritwal ng kanyang pagsamba at pagkatapos

ay agad niyang lilisanin ito at bibigyan ng pagkakataon ang ibang tao bukod sa kanya.

At sa pagtatapos ng salitang ukol sa katuparan ng kaisahan ng pagmamahal, ating sasabihin:

((Katotohanang hindi kailanman tatanggapin ng Allah sa puso ng isang alipin na ipantay ang pagmamahal sa Kanya sa kaninumang minamahal, lalung-lalo na kung ang pagmamahal sa isang nilalang ay may ibayong kahigtan kaysa sa pagmamahal sa Kanya)).

..ITO ANG TINATAWAG NA KAISAHAN SA PAGMAMAHAL..

Kaya't kapag naunawaan mo ang dakilang layunin na ito, magiging madalas ang iyong panalangin sa Hajj sa katuparan ng layuning ito at sa mga kahilingan nito, at aalisin nito ang mga pumipigil dito, at kung sakaling ito'y tinugunan sa iyo, magkagayon sasaiyo ang isang wagas at taus sa puso na pagbati..

## ANG IKALAWANG LAYUNIN: ANG KATUPARAN NG PAGDAKILA SA ALLAH

Sinabi ng Allah: {Sa gayon nga, kaya’t sinuman ang dumakila sa mga Sagisag (Tanda) ng Allah, katotohanang ito ay nagmula sa kabanalan ng mga puso} Al-Hajj (22:32).

Ang tinutukoy dito na mga sagisag at sagradong lugar ay ang lahat ng sumasagisag sa kadakilaan ng Allah at sa Kanyang kasaganaan, gayundin sa kababaan (kahinaan) ng nilikha at pangangailangan nito, at ito'y maliwanag na napatunayan sa kalupaan ng Muzdalifah, kaya't kaluwalhatian sa Kanya ng dahil sa Kanyang Kadakilaan ay isinubsub ng mga nilalang ang kanilang mga mukha.

Katotohanan, ang sinumang paghambingin ang kalagayan ng mga nagsasagawa ng Hajj sa Mina at Arafah sa isang panig, at ang kanilang kalagayan sa Muzdalifah sa kabilang panig; makikita niya ang nakakubling pagkakaiba ng dalawang kalagayan, sapagka't ang mga nagsasagawa ng Hajj na nasa Mina at Arafah ay maliwanag na nakikita ang kanilang pagkakaiba sa antas ng yaman at kahirapan sa pamamagitan ng kanilang mga tolda, pagkain at sasakyan.

Samantalang makikita mo sa Mina at Arafah na ang isang mahirap ay nasa gilid ng mga daan nakatigil at makikita mo naman ang isang mayaman na kapansin-pansin ang karangyaan sa loob ng kanyang tolda, kasuutan at kagamitan.

Hangga't sa maaaring maging abala doon ang mga nagsasagawa ng Hajj sa mga nakikitang kasaganaan ng mga nilalang sa halip na sa kasaganaan ng Maluwalhating Tagapaglikha, gayundin sa mga kadakilaan ng mga nilalang sa halip na sa kadakilaan ng Maluwalhating Tagapaglikha hanggang sa sandaling yaon ang mga pusong nakakaligta ay halos makalimot na sa kung sino ang tunay na Dakila!!!..

Kaya dito – ang Allah ang higit na Nakaaalam – isinabatas ang ilan sa mga alituntunin sa Muzdalifah upang mawala na ang lahat ng pagkakaiba sa kasaganaan at kadakilaan sa pagitan ng mga nagsasagawa ng Hajj nang sa gayon ay wala ng matira pa sa Muzdalifah na anumang tanda ng kadakilaan at kasaganaan maliban lamang sa kadakilaan at kasaganaan ng Allah.

Ang Allah ay nagsabi: {O Sangkatauhan! Kayo ang nangangailangan (ng tulong) sa Allah; datapuwa't ang Allah, Siya ang Puspos ng Yaman (hindi nangangailangan ng tulong ninuman), ang Karapat-dapat sa lahat ng pagpupuri} Fatir (35:15)

Katotohanan, kung bibigyan mo ng pansin ang mga alituntuning itinakda sa Muzdalifah ay iyong makikita na ito'y isinabatas bilang isang paraan upang magsilbing hadlang sa pagkakaiba ng antas ng buhay sa pagitan ng mga nagsasagawa ng Hajj, gayundin sa katanyagan ng kanilang kasaganaan at kadakilaan.

Sapagka't ang pagtigil dito ay sa gabi lamang, kaya hindi na nila kailangan ang mga tolda dito na magtatanto sa kanilang pagkakaiba sa katanyagan, at gayundin ang panahon ng pagtigil dito ay ilang oras lamang habang sila'y nakasuot ng ilang kapirasong damit lamang at di magara, kaya hindi na rin nila kailangan dito ang kanilang mga bagahe, mga bag na magpapamalas sa ilan sa kanila ng pagiging mayaman at katanyagan, kaya't ito ang siyang nagdala sa kanilang lahat na matulog sa Muzdalifah gaya ng pagtulog ng mga dukha sa isang patag na lupa at marahil ay kumakain sila ng gaya ng pagkain ng mga dukha.

Bagkus, makikita mo silang nakapila sa mahahabang pila sa harapan ng mga palikuran, ang dukha kasama ng mayaman, ang itim kasama ng puti, bawa't isa sa kanila ay nakasuot ng anyo at tanda ng kahirapan at kahinaan, malayo sa anyo at tanda ng kasaganaan upang mabatid nilang lahat habang kanilang pinagmamasdan ang mga tanawing ito sa

Muzdalifah…na walang may angking tunay na Kadakilaan maliban sa Allah lamang!!..

## ANG IKATLONG LAYUNIN: ANG KATUPARAN NG PAG-ASA SA ALLAH

Sinabi ng Allah: {Sila (mga diyus-diyosan) na kanilang pinananalanginan ay naghahangad (din sa kanilang sarili) ng paraan na mapalapit sa kanilang Panginoon, kung sino sa kanila ang higit na malapit, at sila rin ay umaasam ng Kanyang Habag at natatakot sa Kanyang kaparusahan. Katotohanan, ang kaparusahan ng iyong Panginoon ay katakut-takot!} Al-Isra' (17:57)

Tunay na humantong ang pamamaraan ng pagsasabatas sa mga gawain ng Hajj sa pagkakahalu-bilo at pagkakalapit ng tirahan lalung-lalo na sa mga may tolda, sa pagitan ng iba't ibang kaanyuan ng mga umaasa at inaasahan mula sa mga nilalang, sa pagitan ng mga mayayaman at mahihirap, sa pagitan ng mga malalakas at mahihina, sa pagitan ng pinuno at pinamumunuhan sa paraang minsan lamang mangyari sa pangkalahatang pamumuhay, at higit na malinaw ang pagkakalapit na ito sa Arafah at Muzdalifah.

Subali't sa nagbibigay ng pansin sa kalagayan ng mga nagsasagawa ng Hajj sa dalawang banal na lugar na ito ay makikita niyang ang lahat ay nakakaligta sa pag-asa sa mga nilalang, bagkus silang lahat ay dumudulog sa pag-asa sa Kanya na hindi nauubusan ng yaman at hindi nabibilang ang mga biyaya at hindi napangingibabawan sa kalupaan at kalangitan.

Itinataas nila ang kanilang mga kamay sa iisang anyo at kalagayan bilang tanda ng kapakumbabaan, ang mayaman at ang dukha, ang doktor at ang may karamdaman, na kanilang ipinamamalas sa Kanya ang kapakumbabaan, pangangailangan at kahinaan sa Kanyang harapan, upang aminin ng lahat na wala ng ibang inaasahan maliban pa sa Allah lamang.

**..Ito ay kabilang sa kawagasan ng kaisahan sa pag-asa sa Panginoon ng lahat ng nilalang..**

## ANG IKA-APAT NA LAYUNIN: ANG KATUPARAN NG PAGKATAKOT SA ALLAH

Sinabi ng Allah: {At sila na namamahagi ng kanilang (kawanggawa) habang ang kanilang mga puso ay tigib ng pagkatakot; na katotohanang sila ay babalik sa kanilang Panginoon; Sila yaong nagmamadali at nag-uunahan sa mga

mabubuting gawa, at sila ang lagi nang nangunguna rito} Al-Mu'minun (23:60-61)

Katotohanan, ang sinumang sumuri sa mga teksto at magmasid sa aktuwal na kaganapan at balikan ang kasaysayan, kanyang matatagpuan na mayroong matibay na ugnayan sa pagitan ng ritwal ng Hajj at ng panglabas na kaanyuan ng takot, isang ugnayan na halos umaabot na sa pagkadikit.

Ito'y lalo pang maging malinaw sa pamamagitan ng pagsusuri sa: **1- Qur'an 2- Sunnah 3- At sa aktuwal na kaganapan**.

**Una: Ang Qur'an:**

**Kapatid kong nagsasagawa ng Hajj**: Basahin mo ang Suratul Hajj, at pagkatapos ay suriin (at unawain ang kahulugan nito)!!

Ito'y iyong matatagpuan na isang kabanatang pinasimulan ng kasindak-sindak na anyo, bagkus kabilang sa napakatinding kaanyuan ng takot na dumadaan sa tao, tulad ng sinabi ng Allah: {O sangkatauhan! Matakot kayo sa inyong Panginoon! Katotohanan, ang lindol sa Oras (ng katapusan ng mundo) ay isang kakila-kilabot na bagay. Sa Araw na inyong mapagmamasdan na ang bawa't nagpapasusong ina ay makakalimot sa kanyang pinapasuso, at ang bawa't

nagdadalang-tao ay kanyang maipapanganak ang nasa kanyang sinapupunan, at iyong mapagmamasdan ang mga tao na parang mga lasing, datapuwa't sila ay hindi mga lasing, bagkus napakatindi ng Kaparusahan ng Allah.} Al-Hajj (22:1-2)

Ito ang siyang pambungad ng kabanatang ito na tumatalakay sa mga layunin ng Hajj.

**Kaya ang tanong .. Mayroon bang ugnayan sa pagitan ng Hajj at ng pagkatakot??**

Suriin at unawain ang Sunnah ng Propeta (s.a.w.):

At iyong matatagpuan na tunay ngang binansagan ng Propeta (s.a.w.) ang Hajj na Jihad (pakikibaka sa Landas ng Allah ), batay sa kanyang sinabi sa mga kababaihan: "Ipinataw na tungkulin sa inyo ang Jihad na walang digmaan, ito ay ang pagsasagawa ng Hajj at Umrah". Isinalaysay ni Ahmad at Ibn Majah (ang kawing ng mga mananalaysay nito ay tumpak).

**Ang Jihad ba (o pakikibaka sa Landas ng Allah) ay may kaakibat na takot?!**

Suriin at unawain muli kung paano naiugnay ang takot sa pagsisikap ng Sugo (s.a.w.) at ng kanyang mararangal na mga

kasamahan para makarating sa kalupaan ng Banal na Lugar (Makkah) sa taon ng Hudaybiyah.

Sa katunayan, hinarangan ng mga Quraysh ang mga Muslim at sila'y pinigilan sa pagsasagawa ng Umrah, kaya't nahikayat ang mga tao upang makibaka sa digmaan at nangako ang mga sumasampalataya sa isa't isa sa ilalim ng isang puno para sa pakikipaglaban, at napagkasunduan nila na ang Umrah ay isasagawa sa susunod na taon, datapuwa't nagtakda ang mga Muslim ng isang kondisyon na sila'y magdadala ng mga espada habang nagsasagawa ng Ihram sa pangangambang maaaring gawin ng mga Quraysh na pandaraya, kaya't ito'y naging isang Umrah na may kaakibat na takot.

**Sa aktuwal na kaganapan:**

Ang sinumang suriin at punahin ang Hajj simula sa kapanahunan ng Propeta (s.a.w.) hanggang sa ngayon ay kanyang matatagpuan na ito'y hindi nawalan ng takot sa paglipas ng mga taon at siglo.

Dahil pagkaraang matapos ang pagkatakot sa mga Quraysh, di nagtagal ay lumaganap naman ang mga tulisan sa iba't ibang dako ng mga daanan papuntang Makkah sa loob ng labintatlong siglo, na para bang ang sinumang pumupunta sa Makkah ay

itinuturing na nawala at ang nanggagaling dito ay tila bagong kapapanganak.

Datapuwa't nang ang mga taong bayan ay nagkaisa sa pagsugpo sa suliraning ito laban sa mga tulisan hanggang sa mawala ang pagkatakot dito; nabuksan na naman sa kanila ang panibagong takot sa pagkakasunog ng mga tinitirahang tolda, kaya't naging kaakibat nito ang Hajj sa mahabang panahon at nagsikap ang mga taong bayan sa paglutas sa suliraning ukol sa mga sunog.

Nguni't di rin nagtagal ay nagsimula naman ang takot sa mga pagwewelga, sumunod ang pagpapasabog, ang mga baha, ang malalakas na agos, at pagkaraan ay sumunod ang mga sakit sa ibon (birds flu), na sa tuwinang sikapin ng mga taong bayan na maisara ang pintuan ng takot ay darating na naman ang panibagong takot, magpahanggang sa ngayon, katotohanang wala kang matatagpuan na isang tao na nagpapasyang magsagawa ng Hajj maliban na siya'y nakakaramdam ng takot sa kanyang puso simula sa pagtatakda niya ng layunin hanggang sa siya'y makabalik sa kanyang pamilya.

Kaya ang tanong, kung mayroon ngang ugnayan sa pagitan ng Hajj at takot; ano kaya ang dakilang kadahilanan sa pag-uugnay na ito??

Marahil, ang pinakabuod na layunin dito – ang Allah ang higit na Nakaaalam – ay upang maiangat ang antas ng pagsamba sa pagkatakot sa Allah; simula sa pagsambit ng dila tungo sa katuparan nito sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng iba't ibang bahagi ng katawan at puso.

**Paano kaya ito (sa palagay mo)??**

Sa katotohanan, kung iyong tatanungin ang isa sa mga nagsasagawa ng Hajj ng ganito: Narinig mo na ba ang mga katakot-takot na insidente sa mga nakaraang taon at napakaraming nasawi rito?

Hindi mo ba narinig ang mga pangyayaring karumaldumal na naganap noon na maaaring maganap din sa taong ito sa Hajj at iba pang mga katulad nito? Katiyakang siya ay magsasabi: Oo, aking narinig.

At kung tatanungin mo ulit: Ano ang nagtulak sa iyo sa pagpunta mo rito sa kabila ng mga katakot-takot na ito?

Datapuwa't, ang sagot na iyong matatagpuan ay ganito: Sa katotohanan, ang pagkatakot ko sa matinding babala ng Allah sa di nagsagawa ng Hajj na may kakayahan ay mas matindi kaysa sa lahat ng mga kinatatakutan na ito.

Ito ang isa sa mga dakilang layunin ng Hajj: Ang katuparan ng kaisahan ng takot sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilalang.

## ANG IKALIMANG LAYUNIN: ANG KATUPARAN NG PAGTITIWALA SA ALLAH

Sinabi ng Allah: {At si Musa (Moises) ay nagsabi: “O aking pamayanan! Kung kayo ay nagsisampalataya sa Allah, kung gayon, sa Kanya lamang ninyo dapat iukol ang inyong pagtitiwala kung kayo ay tunay na mga Muslim (sumusuko at tumatalima sa Kanya), Sila ay nagsabi: “Sa Allah lamang namin iniuukol ang aming pagtitiwala. Aming Panginoon! Kami ay huwag Mong gawin bilang isang pagsubok sa mga taong mapaggawa ng kamalian} Yunus (10:84-85)

**Kapatid kong Muslim:**

Kung ikaw ay nasa iyong bansa at kapiling ng iyong mga kamag-anak at nasa iyong mapayapang tahanan at marahil ay mayroon pang sasakyan o pera sa bangko na nagbibigay sa iyo ng kapanatagan sa hinaharap, sa ganitong kalagayan napakadali para sa iyo na panindigang ikaw ay nagtitiwala sa Allah, nguni't sa katotohanan ito’y walang katiyakan; kung ikaw nga ba ay tunay na nagtitiwala sa Allah o dahil lamang sa mga bagay na ito??!!

Datapuwa’t ang Hajj ay nagbibigay ng malinaw na katibayan na ang nagsasagawa ng Hajj ay tunay ngang nagtitiwala sa Allah.

**Papaano??**

Sa katotohanan, kung iyong susuriin ang lugar sa Mina na nasa isang lambak at iisipin mo ang kalagayan ng mga nagsasagawa ng Hajj habang sila’y nasa kanilang mga tolda na nagsisiksikan at nasa gilid ng mga daan sa lambak na ito, at tatanungin mo sila ng ganito: Hindi kaya maaring magkaroon ng iba't ibang uri na sakuna habang kayo ay nasa ganitong kalagayan?

Kung sakali kayang dadagsa ang malakas na agos ng tubig – huwag sanang ipahintulot ng Allah – halimbawa, hindi kaya maaagos ang mga toldang ito at lahat ng nasa loob nito?

Kung sakali kayang kumulog at kumidlat, o darating ang matinding lamig; tatagal kaya ang bubong ng mga toldang ito?

Kung sakaling maging mabilis ang pagkalat ng nakakahawang mga sakit; makasasapat kaya ang mga kagamitan upang malunasan ang ganitong mga kalagayan?

At kung sakali kayang ang mga salarin ay maghangad na gumawa ng kapinsalaan sa mga nagsasagawa ng Hajj ng may masusing paghahanda; mayroon kayang sapat na pananggalang

ang mga nagsasagawa ng Hajj upang maipagtanggol ang kanilang mga sarili?

Bagkus, sa oras na siya'y tinanong mo tungkol sa kanyang paglalakbay sa Hajj magmula sa sarili niyang bansa hanggang sa pagbalik niya rito; hindi kaya maaring magkaroon ng iba't ibang panganib tulad ng pagbagsak ng eroplano, paglubog ng barko at mga aksidente sa sasakyan gaya ng mga nagaganap sa kasalukuyan na tila wala nang katapusan?

Katotohanan, sa oras na tinanong mo ang nagsasagawa ng Hajj tungkol sa lahat ng mga katanungang ito, katiyakang ang isasagot niya ay: Oo, ang lahat ng panganib at kinatatakutang ito ay maaaring maganap, bagkus batid niya na maging ang mga pambihirang kakayahan ng tao sa kabuuan nito ay hindi makatutumbas dito ng anupaman, kapag ninais ng Allah na maganap ang mga pinangangambahang ito.

Kaya sa oras na tinanong mo siya sa ikalawang pagkakataon: Kung gayon, kanino mo iniuukol ang iyong pagtitiwala? At sino ang iyong inaasahan?

Katiyakang ang sagot ay iisa lamang sa panig ng lahat ng mga nagsasagawa ng Hajj: Kami ay nagtitiwala sa Allah lamang.

**Marahil – ang Allah ang higit na Nakaaalam – ito ay bunga ng Katapatan sa kaisahan ng pagtitiwala sa Allah lamang sa salita at gawa.**

## ANG IKA-ANIM NA LAYUNIN: ANG KATUPARAN NG PAGBALIK-LOOB SA ALLAH

Sinabi ng Allah: {Magsibalik-loob kayo sa inyong Panginoon at isuko ninyo (ang inyong sarili) sa Kanya bago pa dumatal sa inyo ang kaparusahan. Sapagka't pagkatapos nito, kayo ay hindi na matutulungan} Az-Zumar (39:54)

Nang maibilang sa mga kundisyon ng Hajj ang kakayahan at kapasidad; ito ang nagtulak upang ang karamihan sa mga nagsasagawa ng Hajj ay kailangang maging malakas sa kanilang yaman at pangangatawan.

At kahit pa magkaroon ng pambihirang lakas sa yaman at pangangatawan, at maging sa iba pang katangian na magpapahiwatig ng kawalan ng pangangailangan, gayon pa man, makikita mo ang mga nagsasagawa ng Hajj sa lahat ng lugar na kung saan isinasagawa ang Hajj lalung-lalo na sa Arafah, sa Kaabah, sa ibabaw ng Safah at Marwah, katotohanang sila'y tumitigil (na nakatayo) tulad ng pagtayo ng isang kaaba-abang tigib ng pagkatakot, kumikilala sa kanyang

kasalanan, nagpapahayag ng kanyang pagkukulang, nagsisisi sa mga nagawa niyang kasalanan, isinasailalim ang kanyang kakayahan at lakas sa kakayahan at lakas ng Allah, umaasa ng kapatawaran mula sa kanyang Panginoon, na maipagpaumanhin at mapagtakpan ang anumang kanyang nakaraan dahil sa kanyang kapabayaan, pagkukulang at kasuwailan.

Marahil, ito ang siyang katuparan ng pagbalik-loob sa Allah – ang Allah ang higit na Nakaaalam.

At dito ay may lumalabas na isang katanungan: Para kanino ba nagbalik-loob ang mga pusong ito?

Mayroon bang dumating na kautusan mula sa mga makapangyarihang tao, o may isang pangako na nagmula sa mga taong mayayaman sa kanila upang lumambot ang mga pusong ito sa ganitong paraan, na tutulo ang mga luha dahil sa pagkatakot sa kanila o dahil sa paghahangad ng anumang mayroon sa kanilang mga kamay?

Hindi kailanman…Nguni't:

Marahil – ang Allah ang higit na Nakaaalam – ito ang kawagasan ng kaisahan sa pagbalik-loob sa Panginoon ng lahat ng nilalang.

## ANG IKAPITONG LAYUNIN: ANG KATUPARAN NG KAPAKUMBABAAN SA ALLAH

Sinabi ng Allah: {Katotohanan, sila na nagsisampalataya (sa Kaisahan ng Allah) at nagsigawa ng mga kabutihan, at nagpakumbaba sa kanilang sarili (sa pagsisisi at pagsunod) sa harapan ng kanilang Panginoon, Sila ay magsisipanirahan sa Paraiso, sila ay mananatili rito (magpakailanman)}. Hud (11:23)

Ang ibig sabihin ng Kapakumbabaan ay ang pagpapakumbaba sa Allah na halos umabot sa hangganan ng sukdulang pagsuko sa Kanya, bilang pagpapaalipin sa Kanya, pagtanggap sa Kanyang Pagkapanginoon at Kadakilaan, at bilang pagkilala sa kahinaan ng isang alipin at pangangailangan nito sa kanyang Panginoon.

Sa katunayan, ang salitang Kapakumbabaan ay nabanggit sa Banal na Qur'an ng tatlong beses.

Ang isa ay nabanggit na sa itaas sa Surat Hud at ang dalawa ay nasa Surah Al-Hajj.

Sinabi ng Allah: {Datapuwa't ang inyong Diyos ay isang Diyos (ang Allah), kaya't sa Kanya lamang kayo sumuko. At ikaw [O Muhammad] ay magbigay ng magandang balita sa mga

sumusunod (sa Allah) nang may kapakumbabaan} Al-Hajj (22:34)

Sinabi pa Niya: {At upang malaman niyaong mga pinagkalooban ng karunungan, na ito (Qur'an) ang Katotohanan mula sa iyong Panginoon, nang sa gayon sila'y maniwala rito, at maging mapanatag at mapagkumbaba ang kanilang mga puso. At katotohanang ang Allah ang namamatnubay sa mga sumasampalataya tungo sa Matuwid na Landas} Al-Hajj (22:54)

Bakit kaya ang dalawa sa tatlong lugar na ito ay nasa Surah Al-Hajj mismo?

Maaaring – ang Allah ang higit na Nakaaalam – dahil sa ang mga retuwal ng Hajj ang siyang pinakamarami sa mga Ibadah na naipapahayag dito ang kapakumbabaan ng isang alipin sa kanyang Panginoon, ang pagpapakumbaba niya sa Kanya at ang ganap na pagsuko niya sa Kanya.

Sapagka't kung tatanungin mo halimbawa ang karamihan sa mga nagsasagawa ng Hajj tungkol sa dakilang kadahilanan sa kanilang mga ginagawa sa mga retuwal ng Hajj, tulad ng pagtungo sa Arafah, o ng pagpapagabi sa Muzdalifah, o ng pagbato sa mga Jamarat o ng iba pa sa mga gawain ng Hajj na kanilang isinasagawa nang buong kasigasigan at kasiguruhan.

Kung tatanungin mo sila: Bakit ipinag-utos ang mga gawaing ito? Ano ang layunin dito? At bakit mo ginagawa?

Katiyakan, ang makikita mong sagot: Katotohanang ito ay pagsamba lamang sa Allah.

Ito ay kabilang sa pagpapakumbaba sa Allah at pagsuko sa Kanya, at ito ay ang pagpupunyagi ng isang alipin para sa gawa, dahil sa ipinag-utos lamang sa kanya ito ng Allah, na maaliwalas ang kanyang dibdib dito, samantalang hindi niya batid ang detalye ng dakilang kadahilanan nito, bagkus sapat na sa kanya na ito ay pagsamba sa Allah na maghahatid sa kanya sa kaluguran ng kanyang Panginoon.

Samantalang kung siya ay pag-uutusan ng isang nilalang ay maaaring siya ay magtatanong at makipagtalakayan: Bakit? O, ang mas mainam ay ganito! O, hindi ako nakumbinsi!

Kaluwalhatian sa Kanya, na sa Kanya'y nagpakumbaba ang mga puso.

Kay ganda ng pagpapakumbaba ni Umar ibn Al-Khattab (Sumakanya nawa ang kaluguran ng Allah) habang siya ay nagtatalumpati sa may *Al-Hajar Al-Aswad* (itim na bato), kanyang sinasabi: ((Sumpa man sa Allah, katotohanang batid ko

na ikaw ay isa lamang bato na hindi nakapagdudulot ng pinsala, ni hindi nakapagkakaloob ng kapakinabangan, kung hindi ko lamang nakita na hinaplos ka ng Propeta (s.a.w.), hindi kita hahaplusin)). Al-Bukhari (bilang:1605).

Mayroon sa mga nagsasagawa ng Hajj na sa kanyang bayan ay namumuhay ng marangya, malayo sa mga dukha, sa mga mahihirap at mahihina, maaring malayo sa kabihasnan o sa mga tao, namumuhay sa kanyang palasyo na punong-puno ng biyaya at katahimikan.

Subali't sa sandaling siya ay tinawag ng tungkulin sa Hajj, siya ay darating at makihalubilo sa mga mahihina at mahihirap, bagkus maaaring kakain siya sa pagkain nila, at makitulog ng kasama sila, lalung-lalo na sa Muzdalifah, at tatayo na kasama sila sa kasagsagan at sikisikan sa pag-ikot sa Kaabah (Tawaf) at pagbato sa Jamarat, nang nagtitiis sa mga nakakasuklam na amoy at sa pagtutulakan at siksikan.

Kaya't tatanungin mo ang iyong sarili: Ano kaya ang nagdala sa kanya sa paggawa ng mga bagay-bagay sa Hajj, samantalang hindi niya batid ang detalye ng dakilang kadahilan nito?

Ano kaya ang nagtulak sa kanya upang bumaba mula sa kanyang karangyaan at biyaya at siya ay nakihalubilo sa mga mahihina at mahihirap?

Siya ba'y pinilit dito ng isang tao?

ANG SAGOT: Hindi!! Bagkus, ang kababaang-loob at kapakumbabaan sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilalang.

Maaaring – ang Allah ang Siyang higit na Nakaaalam – ito ang kawagasan sa kaisahan ng kababaang-loob sa Allah, ang Panginoon ng lahat ng nilalang.

## ANG ILAN SA MGA KATANGIAN NG KAGALANG-GALANG NA MAKKAH

Sinabi ng Allah sa pamamagitan ng salita ni Ibrahim (Sumakanya nawa ang kapayapaan): {Aming Panginoon! Tunay na aking hinayaan ang ilan sa aking mga anak na manirahan sa isang lambak na walang halaman, sa tabi ng Iyong Banal na Tahanan (ang Ka`bah sa Makkah), upang sa gayon, aming Panginoon, sila ay magsipagtaguyod ng Salah (pagdarasal), kaya't gawaran ang puso ng ilan sa mga tao na maging mapagmahal sa kanila, at tustusan Mo sila ng (iba't ibang uri) ng

bungangkahoy, baka sakaling sila ay tumanaw ng utang na loob ng pasasalamat} Ibrahim (14:37)

Katotohanan, ang sinumang tumutok sa pagbabasa ng kasaysayan ng Kagalang-galang na Makkah at sa mga nabanggit na teksto tungkol sa kadakilaan nito, sa mga kaganapan at kuwento na naganap dito, sa kanya'y malalantad ang isang mapapanaligang resulta na ang bayang ito ay tinakdaan ng Allah ng mga katangian na wala sa ibang lunsod at bansa.

Sa katunayan, tinakdaan din ito ng Allah ng mga panuntunang batas na wala sa iba, samakatuwid ito ay banal, ipinagbabawal ang pangangaso rito, ang pagpuputol ng mga kahoy nito, ang pagpulot sa mga nawawala rito at iba pang mga panuntunang batas.

Ang ilan pa sa mga katangian nito'y nahuhumaling ang mga puso rito, at nagiging mabiyaya ang isang Mud (650g.) dito at isang Saa (2.600kg.) bilang katugunan sa panalangin ni Ibrahim (Sumakanya nawa ang kapayapaan).

At ang ilan pa sa mga katangian nito, na ang sinumang maghangad dito ng gawang masama, kahit pa man ito ay

kusang paghahangad lamang, ay ipapalasap sa kanya ng Allah ang isang masakit na kaparusahan.

Sinabi ng Allah: {At sinumang maghangad na kumiling ng gawang masama rito dahilan sa paglabag sa katarungan ay Aming palalasapin ng masakit na kaparusahan} Al-Hajj (22:25)

Ang mga katangian na ito ay kilala at nakasulat sa mga aklat na pang-agham.

Nguni't ang sinumang magbigay ng pansin sa kaukulang bagay na ito sa Makkah na siyang pinakamamahal sa Allah sa lupalop ng kalupaan, makikita niyang ang Allah ay nagbukod-tangi rin dito ng natatanging katangian, at ito ay:

Katotohanan, ang Allah ay nagbigay dito ng saligang mga biyaya tulad ng biyayang patnubay, ng kapaki-pakinabang na kaalaman, ng matuwid na gawa, ng pambihirang karunungan, at gayundin ng mga antas ng pagiging ganap na alipin tulad ng antas ng Eeman (Pananampalataya), ng Ihsan (Tugatog ng Kabanalan) at ng Shahadah (Pagkamartir), ng pagiging tapat at iba pa rito, higit na mas marami at mas mabilis ang pagbibigay Niya rito kaysa sa ibang mga bansa bukod dito.

Tinutugunan Niya rito ang sinumang nananalangin sa Kanya ng mga biyaya at mga antas na ito, nang mas mabilis kaysa sa pagtugunan Niya sa sinumang nasa ibang bansa bukod dito, samakatuwid ibinibigay ng Allah ang mga biyayang ito sa lahat ng bansa sa kalupaan, subali't sa Makkah ay higit na mas mabilis at mas marami – ang Allah ang higit na Nakaaalam.

Kaya pagmasdan! Halimbawa, Siya ay nagbigay sa Kanyang Propeta na si Ibrahim (Sumakanya nawa ang kapayapaan) sa labas ng Makkah, ng antas ng Islam, ng Pananampalataya, ng tugatog ng kabanalan, ng pagka-propeta at pagkasugo, subali't nang ipagkakaloob na Niya sa kanya ang antas ng pagiging malapit sa Kanya (ang pagiging Khaleelullaah) na siyang pinakamataas na antas, tinawag siya sa Makkah, at doon ay mas matindi ang dinaanan niyang pagsubok, kaya ang kaloob ay mas malaki, na kung saan ay ipinagkaloob sa kanya rito ang antas ng pagiging malapit sa Kanya – ang Allah ang higit na Nakaaalam.

At gayundin ang Propeta nating si Muhammad (s.a.w.), ang kanyang puso ay pinuno sa Makkah ng saligang biyaya pagkatapos niyang dumaan ng malalaking pagsubok, at pagkaraan ay biniyayaan siya ng antas ng pagkamalapit sa Allah

sa Makkah, at pagkaraan ay ipinahintulot sa kanya na lumikas sa Madinah – ang Allah ang higit na Nakaaalam.

At gayundin naman na maaaring ang ilan sa mga layunin ng Hajj ay ang papuntahin ang isang Muslim sa lugar na ito, na kung saan ay magiging malaki ang kagandahang-loob at kaloob ng Allah nang higit na marami kaysa sa ibang mga lugar bukod dito, kaya mas lalong lumalago sa kanya ang Ibadah sa iilang mga araw lamang upang siyang mapagkalooban ng mga biyayang ito at iba pa na mas marami kaysa sa naipagkakaloob sa kanya sa kanyang bansa na pinanggalingan.

Kaya kapag binigyan ng pansin ng nagsasagawa ng Hajj ang natatanging katangian na ito ng Makkah, siya ay magpupursige ng panalangin sa Allah na sa kanya'y palaguin ang lahat ng mga biyayang ito, ang saligan nito at hindi saligan, lalung-lalo na ang saligan nito, at na itaas ang kanyang katayuan sa pagka-alipin.

At maaring tugunan sa kanya ng Allah ito sa maikling paglalakbay na ito, at palaguin ang kanyang kaalaman o ang kanyang katalinuhan o ang kanyang pagkabanal o ang kanyang matuwid na gawain o itaas ang kanyang antas, na kung saan siya ay dumating na isang Muslim at uuwi na isa nang Mu'min (nananampalataya), o dumating na isang Mu'min at uuwi na isa

nang Muhsin (mapaggawa ng kabutihan), o dumating na isang Muhsin at uuwi na isa nang Siddiq (napakamatapatin)..

At ang pamamaraan ng Allah sa mga orihinal na biyaya ay hindi Niya ipinagkakaloob sa isa sa Kanyang mga alipin hangga't hindi Niya naidadaan sa pagsubok at pagsusulit, kung kaya't tumindi ang pagsubok ni Ibrahim (Sumakanya nawa ang kapayapaan) sa Makkah nang higit kaysa sa Iraq at sa Sham, at gayundin na tumindi ang pagsubok kay Muhammad (Sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan) sa Makkah nang higit kaysa sa Madinah, at iyon ay upang maabot nila ang antas ng pagkamalapit sa Allah, ang Allah ang higit na Nakaaalam.

Ito ang dahilan kung bakit tumitindi ang pagsubok at pagsusulit sa nagsasagawa ng Hajj sa Makkah bilang paunang bigay sa dakilang pagkaloob na siyang kanyang inaasam-asam mula sa Allah na kung siya ay nagtiis at nagpakabanal sa Allah.

Kung kaya't ang Allah ay nagsasabi: {Datapuwa't kung sinuman ang magmadali na lumisan (sa Mina) pagkaraan ng dalawang araw, siya ay walang kasalanan, at sinuman ang nais magpahuli (sa ikatlong araw), siya ay wala ring kasalanan, (ito ay) para sa kanya na umiiwas (sa mga ipinagbabawal ng Allah). Kaya’t Matakot kayo sa Allah at inyong alalahanin na kayo ay tunay na titipunin sa Kanya}. Al-Baqarah: (02:203)

At alam sa kasaysayan na ang sinumang magmadali sa dalawang araw, katotohanang sa kanya ay pinagaan ng Allah, kaya siya ay walang sala, nguni't iisipin ng bumabasa na sasabihin sa karapatan ng nagpahuli: at sinuman ang nagpahuli ay sasakanya ang dakilang gantimpala.

Datapuwa't ang Allah ay nagdagdag ng isang kundisyon sa Talata na ito para sa nagpapahuli na magkaroon ng wagas na takot sa Allah, batay sa nagsasabi na ang kundisyong pagkawagas ng takot sa Talata na ito ay tumutukoy sa nagpapahuli lamang, at ito – ang Allah ang higit na Nakaaalam – ay dahil sa dadagdagan siya ng pagsubok upang madagdagan din siya ng kaloob.

Kaya sinuman ang nagpahuli, siya ay makakatagpo ng napakalaking kaloob, subali't pagkaraan ng napakalaking pagsubok,,, ang Allah ang higit na Nakaaalam.

Sinabi ng Allah: {O inaakala ba ninyong makakapasok kayo sa Paraiso na hindi man lamang mapapatunayan ng Allah (nang lantaran) kung sino sa inyo ang mga nagpunyagi (sa Kanyang Kapakanan) at mapapatunayan (nang lantaran) kung sino ang mga matiyaga?} Al-Imran (03:142)

# ANG PAGTATAPOS

## Pagkatapos ng Hajj, ano ang susunod dito?

**Kapatid kong nagsasagawa ng Hajj**..Ngayong pagkatapos nating umikot sa Kaabah sa mabilis na paglalakbay na ito sa malalaking layunin ng Hajj ay napakaganda segurong tumigil muna tayo nang may pagmumuni-muni upang mapakinabangan natin ang mga naunang nabanggit.

Kaya't ang magsasabi ko lamang, gayong nasa Allah ang gabay:

**Kapatid kong nagsasagawa ng Hajj**..Halina't punahin natin na ang naglapit ng pangangaso sa mga Sahabah at ng babae sa lalaki sa Hajj ay Siya rin ang naglapit sa ipinagbabawal na larawan, at ipinagbabawal na pakinggan at ipinagbabawal na inumin at ipinagbabawal na kayamanan sa isang lingkod sa lahat ng lugar ng mundo, at ang dahilan ay iisa, ito'y {upang mapag-alaman ng Allah kung sino (sa inyo) ang tunay na nangangamba sa Kanya sa kabila ng Kanyang pagkalingid. Kaya't sinuman ang lumabag dito makaraan (ang pagpapahayag na) ito, sasakanya ang isang masakit na kaparusahan} Al-Maidah (05:94)

**Kaya ang tanong:** Ikaw ba ay mananatili pa rin sa iyong pakikibaka para sa iyong sarili sa kaisahan ng pagmamahal, pagkatakot at pagbalik-loob sa Allah pagkatapos mong makabalik mula sa Hajj, bagkus hanggang sa araw ng iyong pakikipagtagpo sa iyong Panginoon?

**Kapatid kong nagsasagawa ng Hajj**: Dati-rati'y sinasabi mo lang sa iyong dila noong ikaw pa ay nasa iyong bansa, na iyong minamahal ang Allah, na ikaw ay natatakot sa Kanya ng may kapakumbabaan at nagtitiwala sa Kanya, subali't ang lahat ng ito ay pag-aakala lamang mula sa iyo, nangangailangan ng patunay sa iyong katapatan. Sa katunayan dumating ang Hajj upang ito ang siyang maging patunay mo sa iyong katapatan, datapuwa't ito'y pagkatapos na patotohanan ng iyong mga kasukasuan ang iyong dila, kaya't mapalad ka, kung tinanggap ito ng Allah sa iyo, sinabi Niya {(Alalahanin) ang Araw na ang bawa't kaluluwa ay tatambad na makikipagtalo sa kanyang sarili, at ang bawa't kaluluwa ay babayaran nang ganap ayon sa kanyang ginawa (mabuti man o masama), at sila ay hindi pakikitunguhan ng di-makatarungan} An-Nahl: (16:111)

Kaya't ikaw ay makikipagtalo sa iyong sarili upang mabigyan mo ng katuparan ang dakilang mga layunin na ito, at ang iyong mga

kasukasuan ay maging saksi rito, kaya dalasan mo ang panalangin sa Allah para sa pagtanggap.

**Kapatid kong nagsasagawa ng Hajj**..Dahil sa Hajj na ito, maaaring ikaw ay itampok ng Kagandahang-loob ng iyong Panginoon sa isang antas na hindi mo ito maaabot kung ikaw ay nanatili lamang sa iyong bansa habang sinasamba ang Allah sa mahabang panahon, kaya dapat mong purihin dito ang Allah at pasalamatan, dahil ang pagpapasalamat ay nakapagdadagdag sa mga Materyal na Biyaya tulad ng kayaman, mga anak na lalaki, lalung-lalo na sa mga Pangunahing Biyaya tulad ng kaibayuhan ng pananampalataya at pagiging mapaggawa ng kabutihan, sapagka't ang Allah ay Lubos na Mapagbigay at Mapagkaloob, samakatuwid ang Allah ay Panginoon ng mga taong madalas magpasalamat.

Kaya pagkatapos ng Hajj, gawin ang pamamaraan ng iyong buhay na maging masigasig sa pag-aabot ng dakilang karangalan na siyang ipinagkaloob sa iyo ng Allah, at ito'y sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kadahilanan ng katatagan tulad ng pakikipagkaibigan sa mga mabubuting tao, ng madalas na panalangin, paglayo sa mga pabayang lugar at sa mga tao nito, at maging abala sa mabuting gawain hanggang sa iyong makatagpo ang iyong Panginoon na sa iyo'y nalulugod at ikaw

din naman ay malugod sa Kanya. Siya ay nagsabi: {(Sila ay nagsasabi): “Aming Panginoon! Huwag Mong hayaang malihis ang aming mga puso matapos Mo kaming patnubayan, at pagkalooban Mo kami (O Allah) ng Habag mula sa Iyong Sarili, katotohanang Ikaw ang Tagapagkaloob (ng Habag)} Al-Imran (03:08)

Ang lahat ng pagpupuri at pasasalamat ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng lahat ng nilalang, nawa'y itampok Niya ang maraming pagpapala at kapayapaan sa pinuno nating si Muhammad, sa kanyang pamilya at sa lahat ng kanyang mga kasamahan.

# TALAAN NG MGA PAMAGAT


| Pahina | Pamagat |
|---|---|
| 3 | Pambungad |
| 8 | Kaganapan ng Hajj sa panahon |
| 9 | Kaganapan ng Hajj sa lugar |
| 11 | Kaganapan ng Hajj sa pamamaraan |
| 12 | Paano natin mabigyan ng kaganapan ang tatlong uri na ito ayon sa pag-uutos ng Allah? |
| 16 | Pinakadakilang layunin sa Hajj: Katuparan ng pagka-alipin sa Allah |
| 18 | Unang layunin: Ang katuparan ng pagmamahal sa Allah |
| 23 | Tanong: Bakit hindi dumatal ang mararangal na mga paa ng Sugo (s.a.w.) sa kalupaan ng Arafah sa Hajj na Pamamaalam? |
| 29 | Tanong: Bakit ang Makkah ay nasa isang lambak na walang pananim? |
| 31 | Ikalawang layunin: Ang katuparan ng pagdakila sa Allah |
| 34 | Ikatlong layunin: Ang katuparan ng pag-asa sa Allah |
| 35 | Ika-apat na layunin: Ang katuparan ng pagkatakot sa Allah |
| 37 | Tanong: Mayroon bang ugnayan sa pagitan ng Hajj at pagkatakot? |
| 41 | Ikalimang layunin: Ang katuparan ng pagtitiwala sa Allah |
| 44 | Ika-anim na layunin: Ang katuparan ng pagbabalik-loob sa Allah |
| 46 | Ikapitong layunin: Ang katuparan ng kababaang-loob sa Allah |
| 50 | Ang ilan sa mga katangian ng Kagalang-galang na Makkah |
| 57 | Pagtatapos |
| 62 | Talaan ng mga pamagat |